

1



The Scorching Hate Message

The Most Regal and the Best Perfumes of All Time – Sainth’s Scents, presents the newest scent that seduces the soul, *Grandi Totale*. Now available in all Strauss City Malls.

Awtomatiko ang pagguhit ng malalim na ismid sa mga labi ni Letizia pagkabasang-pagkabasa niya sa post ng isang kakilala sa *Facebook* na ang orihinal na kopya ay nagmula sa official *Facebook* fanpage ni Sainth Mercxi Paul Strauss, ang COO ng *Sainth’s Scents* at *Strauss City Malls*. Mag-isa na lang itong naninirahan sa Pilipinas. Ang mga magulang nito ay nasa Amerika na. Ang alam niya ay may kapatid itong babae, pero pumanaw na dahil dinapuan ng malubhang sakit.

Si Sainth, he’s nice and sweet only to women with healthy sexual appetites. Born with such a huge ego and could not stay monogamous! Allergic nga yata ito sa salitang ‘steady’. Six-pack abs at matangos na ilong lang naman ang ipinagmamalaki nito, and maybe that gangrenous dick inside his signature briefs. So what if it was rumored to be really huge

and was given the nickname, 'The Humongous Moose.' Ano ang pakialam niya roon? Kapag nahuli niya ang 'Humongous Moose' nito, pipilipitin niya iyon hanggang sa manlupaypay at tuluyang mawalan ng silbi.

Kinutkot lalo ng kuko ni Letizia ang mouse at hindi matigil sa pagkuyakoy ang kaliwang binti habang naniningkit ang mga mata. Kanina pa tapos ang pagtuturo niya ng English online sa mga estudyanteng Koreano, Thai, at Taiwanese kaya oras na ng pagmamanman niya sa buhay ng sikat na retired supermodel at ngayon ay magaling na businessman.

Araw-araw siyang nakaabang at naghihintay kung kailan bubulusok pababa ang karera at mga negosyo nito. Tatlong beses sa isang araw ay sinasambit niya ang kahilingang mangudngod ang binata nang wala nang ipinagkaiba sa plateau ang dulo ng ilong nito.

Eighty-eight friends reacted to the post. Love at like lahat. Walumpu't walong katao ang nakigulo sa walang kuwentang post na iyon, at ni hindi lumampas sa ninety ang friends niya sa napapanis niyang *FB* account. Parang may sariling buhay ang mga kamay niyang nagpipindot sa keyboard hanggang sa humantong siya sa *FB* fanpage ni Sainth.

Lalong naningkit ang kanyang mga mata nang bumungad sa kanya ang nakangiting profile picture ng binata. Hah! His f*cking face looked like a bulbous

dick in orgasmic state. Nakakadiri ang mukha nito.

Nakakadiri nga ba, Zia? anang maliit na bulong sa likod ng utak niya. Muli niyang minasdan ang picture ni Sainth. Close-cropped chocolate brown hair, cut jaw and eyes with a permanent glint of wickedness.

She groaned. The man was a player who ate women for breakfast! That should be enough para ituring niya itong kasuklam-suklam.

May malalim na galit si Zia para sa mga lalaking kagaya ni Sainth—rich, powerful playboys with innocent, angelic names.

One: Angelito Jarder, her father, was the 1960's version of Sainth who took pleasure in breaking hearts. Hindi maayos ang relasyon nilang mag-ama. Kinamumuhian niya ito dahil maliban sa apelyido nito ay wala na itong ibinigay sa kanya. Isa itong pabaya at walang kuwentang ama. And probably, he didn't really like her. It was fine. Hindi niya rin ito gusto.

Ang huling balita niya, nag-leak ang sex scandal nito online. Hindi na siya nangahas na panoorin iyon dahil hindi naman niya pinangarap na makita ang hubad na katawan ng papa niya. Ni-report lang sa kanya ni Snoop, ang best friend niyang bading, na batang-bata raw ang kasama ng papa niya sa video at galing sa mayaman at makapangyarihang pamilya ang babae.

Two: Saviour Goodman, ang unang naging

nobyong niya ay kasing-kulay rin ng balahibo ng tatay niya. Playboy at gustong mag-ulam ng tahong. Ayaw niyang ibigay ang gusto nito kaya naman lagi itong may carnal expedition to tahong islands.

Three: Guardian Langit, her ex-boss was a certified pervert. Naglilinis-linisan sa simula pero sa huli ay lumabas din ang itinatagong pangil. Halimaw ito at gusto lang maka-score.

Four: Jesus Vicente Wagas, the rich neighbor from her past. Kuno mabait. Iyon pala ay kinukuha lang ang loob niya para maikama siya.

And here's Sainth. Sainth Mercxi Paul! He's not a 'Saint' and definitely not 'Merciful.' Kunwari hindi bulok pero may itinatagong masangsang na amoy. Kung tratuhin nito ang mga babae ay parang ulam in can na mauubos sa isang kainan pagkatapos ay magbubukas ng panibagong lata.

The man was wicked.

A menace.

Dangerous.

Maraming babae na ang pinaasa at pinaiyak nito. In an exclusive interview, he explained himself, wala raw itong binibitiwang pangako kaya wala itong pinapaasa.

The nerve! Kaya sa tatlong magkakaibigang pulos palikero—si Sainth, si Sanz at si Ryd—siya ay pinakagalit kay Sainth. Sa tatlo, si Sainth ang mestisuhin at mamula-mula ang balat. Si Sanz ay maliwanag ang kaputian at maalun-alon ang

buhok na natural ang light brown na kulay. Si Ryd ang mabalbon at tall-dark-and-handsome ang peg. Parehong mga babaero at wala nang ginawa kundi ang magpakaligaya nang husto sa buhay. Gayunman ay namumukod-tanging si Sainth ang pinakakinaiinisan ng dalaga.

Bukod doon sa interview, talagang mainit na ang dugo ni Letizia sa binata. Maybe he was her mortal enemy in her past life, noong mga tipaklong pa sila.

Ibinalik niya ang atensyon sa picture ng lalaki. “Kung makangiti dinaig pa ang santo. Walanghiya, ang kapal! Mapanlinlang ang mukha!” palatak niya at patuloy na inusisa ang profile nito. Nakapaskil sa wall nito ang dagsa-dagsang events na sinasalihan. Naki-parte pa ito sa World Blood Donor Day at may litratong naka-thumbs up habang kinukuhanan ng dugo.

Napaismid siya. *Plastic*, himutok niya. Ang karamihang dinadaluhan nito ay mga financial wellness seminar. Ang pinakahuling event na naka-post sa wall nito ay ang *The Scent Party* na ginanap nang i-launch ang *Grandi Totale* sa publiko. Pagkatapos niyon ay isang video na sa malamang ay in-upload ng admin na nagmimintina sa page na iyon. May caption ang video na: Don't judge her. She's INNOCENT. Hindi naman ma-play dahil either with restricted content o nabura na raw.

“*Kawawa naman ang girl, nauto ng matandang hukluban,*” basa niya sa pinakahuling comment saka

itinuloy na ang pag-scroll up.

Napabuga ng hangin si Letizia. Hinayaan niyang tubuan ng utak ang mga kamay at pinabayaan iyong tumipa nang tumipa and, voila! Nakabuo siya ng pinakamakabuluhang post mula sa daigdig niya—daigdig ng malakas at hindi pa na-co-contaminate ng kuyug-hangin.

Viral post: Sainth's Scents presents the newest garbage scent from the garbage mind of the COO, ang feeling santong COO. Basura ka at ang kompanya mo. Akala mo kung sinong mabango. Nakakasuka ang baho mo. Latak! #garbage #pwe #walangkwentang #mabahoka

“All caps for emphasis. Lamunin mo!”

Wala pang limang segundo ay sunud-sunod na ang pasok ng notifications at friend requests. Friend request para ma-access ang private account niya. Pinutakti ng bayolenteng reaksyon at bumaha ang komento laban sa post niya sa official fanpage ni Sainth.

“Mga hayop, bitches to the rescue. Sila na nga ang inuuto pero sila pa itong kamping-kampi sa walang kuwentang lalaki.” She clicked the one hundred plus notifications in bold red. Lahat halos ay mensahe ng panggigigil sa kanya. Kung nakakamatay lang ang hate messages, pihadong kanina pa siya sumakabilang-buhay.

Letizia flipped aside a few strands of her bitchy bobcut. Hindi siya apektado, gawa sa aspalto ang

puso niya. Tumayo siya at in-stretch ang mga braso at mga binti. Naghi-hip rotation na siya nang tumunog ang kanyang telepono.

Snoop calling...

Sumalampak uli siya ng upo at nakipagtitigan sa screen ng computer. Tiyak pagagalitan na naman siya ng mahaderang bakla na sa kasawiang-palad ay isang dekada na niyang matalik na kaibigan at sa malas ay isa sa daan-daang empleyado ni Sainth sa *City Mall* nito. Kung bakit naman kasi sa dami ng pinagpasahan nito ng resumé noon ay tanging ang *Strauss City Mall* lang ang kumontak dito.

She picked up the phone. “I know, I messed up again but I did it on purpose and I’m not sorry.” Inunahan na niya si Snoop. Sunud-sunod ang pagbuga nito ng hangin sa kabilang linya. Na-imagine na niya ang paglaki lalo ng butas ng ilong nitong hugis mais. Sa kanilang dalawa ay di-hamak na mas maayos ang takbo ng utak nito kahit na madalas ay mukha itong beking nabugbog ng kuya ng babaeng inagawan ng boyfriend.

“Ano na namang kahibangan ang sumanib sa ’yo at si Sainth pa talaga ang tinarget mo ngayon?”

“Correction, si Sainth lang naman talaga ang target ko.”

“Kakaloka, ang tapang mo rin, ha! Trending ka worldwide! Puro mukha mo ang nasa newsfeed ko!” nakukunsuming bulalas ni Snoop.

“Mainam ’yan para magsawa ka sa pagmumukha

ko.” Humikab siya at inipit sa pagitan ng kaliwang tainga at leeg ang aparato. In-expect na niya ang reaksiyon ng madla at hindi siya takot. Kapag binato siya ng mga ito ng kamatis ay sasaluhin niya iyon at isasahog sa ginisang itlog.

Isa-isa niyang pinaraan ng mata ang dagsa-dagsang komento sa ilalim ng wall post niya.

Joyce L, Cris Ysulan, Anj Fortuna and 100K other people commented on your post in Official: Sainth MP Strauss Fanpage.

Akala mo kung sino kang maganda! Ang kapal ng mukha mong babae ka!

Ano'ng tingin mo sa sarili mo, diyosa?

*Hoy, tingin-tingin din sa salamin pag may time @Letizia Bitch, go to hell! F*ck off!*

Wala kang lugar sa mundo, magbigti ka na! #JusticeforSainth

Post pa more! #RIpletizia

War na this. #prayforletizia

Natawa lang ang dalaga. Wala siyang pakialam. Baka pagbubuhulin pa niya ang bituka ng mga dedicated followers ni Sainth.

“Sira-ulo ka talaga!” ani Snoop.

Inilipat niya sa kabilang tainga ang cellphone. “Sige na, marami pa akong gagawin. Tatawagan na lang kita kapag ibinalibag na ako ni Sainth.”

“Baka nga ibalibag ka...”

“Subukan niya lang.”

“Ibabalibag ka sa kama!” dagdag ni Snoop.

Napangiwi siya. “Nakakadiri ka! Hindi ko inasam ang mabalibag sa kama ng ogre mong boss. Maghugas ka nga ng utak, ang dumi na, eh.” Pagkasabi niyon ay in-off na ni Letizia ang phone at tinapunan ng pinal na tingin ang screen ng computer bago tuluyang pinindot ang power off button.



Vanilla ang amoy ng babaeng kaniig niya. The woman who was bent over the table wore nothing but her birthsuit. He allowed his finger to feel the pulsating wall of her creamy sex while his eyes relish at the glorious sight of her curvy physique.

“Sainth! Please, f*ck me now!” she pleaded, writhing in pleasure and shaking her butt asking for a ‘Humongous Moose’ fulfillment.

“Easy.” He inserted another finger. Mahabang ungol ang kumawala sa lalamunan ng kaniig niya. Nanginig ang katawan nito. “I need more begging, Pim,” he teased as he stroke his length heatedly, up and down.

“Sainth, please, give it to me!” she screamed in a shaky voice.

He grinned. Seemed like their one-hour no penetration all head job experimental game had affected her voice box, but boy, it was so good even if it caused his balls to be devoid of any sensation for a few seconds due to an extensive sucking session. “Okay, Pim, stay put.” He held her hips and pressed the tip of his dick against her opening. This was his

game, delaying the fun until there's nothing left in her pretty head but his male organ.

“What’s taking—“ Hindi na nito natapos ang litanya. He gripped her butt and penetrated her from behind. It was rough, hard and punishing. He didn’t have to give her time to adjust. She was already fully lubricated and, heck, she had not abstained from sex since she was twenty.

“Sainth—oh, shoots!” Mabilis ang pagkabig pasara ni Sanz sa pinto ng VIP room ng *Rytmisk Superclub* matapos nitong masaksihan ang pakikipagtalik niya sa Thai model na nakilala niya lang kanina habang mag-isa siyang umiinom ng alak sa bar counter. Hindi naman siya na-distract kahit na nahuli siya ni Sanz sa akto ng pakikipagniig. It’s not like he’s going to recall the shape of Pim’s breasts, or the length of his shaft soaked in her milky fluid.

“Sainth, crap, he saw us!” naalarmang bulalas ni Pim.

He smirked. “It’s no biggie, Pim. Concentrate.” Walang pagkataranta o pagmamadali sa tinig ng binata. He caught her hips and held on to it as tight as he could, as he slammed his dick deeper inside her V-organ. His thing slid in and out until her pipe began to convulse immensely.

Pagkaraan ng sampung minuto ay binuksan niya ang pinto. Naunang lumabas ang modelo. Bihis na bihis na parang walang milagrang naganap sa pagitan nila. Palihim niyang kinindatan ang kaibigan.

The man laughed. Tinawag nito ang isa pa nilang katropa, si Ryd, na nakasandal lang sa tabi ng pinto sa labas ng VIP room. Tinanguan niya ang huli. “Sup?”

“You’re dead, Sainth!” pambungad ni Ryd, sabay bagsak ng pang-upo sa sofa.

Inokupa niya ang ottoman katapat ng sofa. “Dead? Why? Don’t tell me that woman is married to a freaking five-star general?”

“No, it’s not about your new Thai-purebred pet. Tingnan mo na lang ’to para mas malinaw.” Iniabot nito sa kanya ang cellphone.

“Your *FB* profile?” lito niyang tanong

“Ops, wrong page. Teka lang.” Kinuha nito ang phone at kinalikot pagkatapos ay ibinalik sa kanya. “Now that’s the right page.”

Bumungad sa kanya ang isang post na may libu-libong comments at reactions. Nakangisi pa siya habang nag-scroll hanggang sa tumimo sa utak niya ang laman ng post.

Sainth’s Scents presents the newest garbage scent from the garbage mind of the COO, ang feeling santong COO. Basura ka at ang kompanya mo. Akala mo kung sinong mabango. Nakakasuka ang baho mo. Latak! #garbage #pwe #walangkwenata #mabahoka

Nagsalubong agad ang mga kilay niya. “Who the f*ck does she think she is?” Dumagundong ang boses ni Sainth nang mabasa ang hate post sa fanpage niya which was, by the way, posted only about two hours ago, pero umani na ng hindi mabirong atensyon.

Kinalkal niya ang profile ng babae at isa-isang tiningnan ang mga litrato nitong naka-public lang. Kahit na itanggi niya, alam niyang naparalisa siya nang kung ilang segundo matapos mabistahan ang hitsura nito. The woman had a cherry bomb effect on him. He was stunned and was lost in her fiery eyes. What intrigued him was the feeling that he had seen her before. Pero kung babalikan niya sa isip ang lahat ng mukhang nakasalamuha niya ay hindi niya maalalang naugnay siya sa babae.

“Ex-girlfriend mo ba siya?” usisa sa kanya ni Ryd.

“No!”

“No?” kuwestyon ni Sanz saka nagkaguhit ang pagitan ng mga kilay. “We really thought she’s your ex. Pamilyar kasi ang mukha niya. And, dude, galit na galit ang isang ’to sa ’yo. Whatever did you do to her?” dugtong pa nito.

Ganoon din naman ang saloobin niya. His phone began to vibrate miserably. Sunud-sunod ang pasok ng text messages mula sa mga nag-uusisang reporters. Inignora niya lang iyon. “She called me latak, would you believe that?” He grimaced while reading her hate post for the nth time. Nanlilisik ang mga matang pinakatitigan niya ang post ni Letizia Jarder close open parenthesis Queen L. The woman needed bad spanking. He would slap her pretty butt until it’s all red and glossy. Mahuli lang talaga niya ito.

Nagngangalit ang mga ngiping inabot niya ang baso ng alak at inisang lagok ang laman niyon.

Inilubog niya lalo ang sarili sa itim na ottoman at tinanaw ang nagkikislapang laser lights ng *Rytmisk Superclub* sa labas ng VIP room.

“Tinawag ka rin niyang basura, at nagpi-feeling santong COO,” natatawang dagdag ni Sanz.

Iiling-iling naman at may bahid ng naaaliw na ngiti sa mukha ng kabarkadang si Ryd na nakaupo sa sofa. Naglagay ito ng yelo sa baso at inabot sa kanya. “But we have to admit, this woman is a real looker.”

Hindi umimik si Sainth, yet his brain was fast in creating a mental picture of her face. Maganda ang babae sa mga litrato nito. In fact, napakaganda nito. May mahikang pagkalinta ang taglay nitong pang-akit na dumidikit sa balintataw niya.

“Uh-oh, I smell trouble,” ani Sanz, na may ibig tumbukin ang kislap sa mga mata.

“What trouble?”

“Amoy peligro ka, dude. Attracted ka sa number one hater mo,” tugon ni Ryd.

“Of course not!” kontra niya. Then he remembered the shape of her luscious lips; and the strong steady flame that scintillated in her eyes. Come on, why couldn't she just be a normal, submissive kitty? Araw-araw pa niya itong hihimasin kung magpapakabait lang ito. He would even bathe her and feed her his meat.

Just like that, his own size seven and a half meat pulsated frantically inside his pants. He had a sudden craving for an off-kilter female specie who made an

ardent declaration of hate for him. Napamura siya sa biglang pagguhit ng sakit sa ilalim na bahagi ng kanyang tiyan. And while his expert hands would want to appease the craving of the flesh, his mind was telling him that no amount of erotic stimulation could satisfy his need.

At sino ang dapat niyang sisihin? Walang iba kundi ang matapang na babaeng nagsabing isa siyang mabahong basura. He would find her. He must find her as a scorching penalty was waiting to be served.

2



What Happens Under the Table

Maaliwalas ang panahon at magaan ang ihip ng hangin nang araw na iyon, subalit may kung anong mabigat na enerhiyang nagtutulak kay Letizia pabalik sa sinakyang tricycle. Huminga siya nang malalim at tinanaw ang *Strauss City Mall* sa kabilang kalsada. Dalawang higitang gusali iyon na pinag-uugnay ng isang connecting bridge sa gitna. Tila nakikita pa niya ang nakangising mukha ni Sainth na nakadikit sa hugpungan ng dalawang gusali.

She snuffed. Hinigpitan niya ang pagkakakipkip sa dalang bag saka tumawid ng kalsada. Sa entrada pa lang ay nahagip na ng mga mata niya ang pigura ng kaibigang si Snoop na supervisor ng *Kiddieyum*, isang pambatang kainan, na dati ay business ng kapatid ni Sainth na ibinenta nang pumanaw ang dalaga pero kinalaunan ay naging shareholder pa rin ang mga Strauss.

Binilisan niya ang paghakbang upang maabutan ito. “Snoop!” Kinalabit niya sa braso ang bakla na nanlaki ang mga mata nang makita siya.

“Hoy, ano’ng ginagawa mo rito?” gilalas nitong

tanong na wari'y nakakita ng multo.

“Makikipagkita ako sa isang tao, si Nam, estudyante ko. Nagde-demand na samahan ko siya sa pamamasyal. Bakit ba?” kalmado niyang tugon. Alas cinco ang usapan nila ni Nam. May sampung minuto pa siya. Ang totoo niyan ay tinanggihan na niya ang babae. Hindi naman kasi ito nag-aanyaya, nagde-demand ito at may superiority complex porque paangat na itong modelo sa Asya kaya siguro nag-enroll sa English classes online upang hindi mahirapang makipagplastikan.

“Nam? Ang maarte mong estudyante? Eh, hindi ba at tinanggihan mo na siya?”

“Oo nga pero nagbago ang isip ko. Baka naman hinusgahan ko na siya kaagad. So, heto, sasamahan ko siya para mas makilala ko iyong tao.”

“Ibig mong sabihin magtatagal ka rito?”

“Oo. Naabisuhan ko na sa text si Nam na papunta na ako rito kanina,” kalmado niyang tugon na taliwas naman sa ekspresyong nakasungaw sa mukha ng kaibigan.

Hindi niya napaghandaan ang biglaang paghatak sa kanya ni Snoop kaya kamuntikan pa siyang matalisod. Dinala siya nito sa likod ng pinakamalapit na standee na nasa tapat ng isang land developer booth. Nagtayuan mula sa kanina ay malinis na pagkakatali ang ilang hibla ng kulot nitong buhok at bakas sa mukha ang pagkabalisa habang panay ang pagtingin-tingin sa paligid.

“Nababaliw ka na ba? Baka nawala sa isip mo na *Strauss City Mall* ito at ininsulto mo lang naman ang may-ari ng kompanya.”

Tumikwas ang kilay niya. “Hindi ako takot sa pa-feeling santong Sainth na iyon. Mapagpanggap. Manlulupig ng mahina. Baka i-axe kick ko pa siya sa mukha, eh.”

“Grabe ka, paano kung makita ka ni Sir Sainth dito?”

“Ano ngayon kung makita niya ako? FYI, customer ako rito.”

Nagpapapadyak si Snoop. Mangiyak-ngiyak ito habang niyuyugyog ang mga balikat niya. “Mapapahamak tayo!”

“Ikaw lang! Boss mo iyon, eh! Ako ba ang nagtatrabaho rito? Bahala ka nga sa buhay mo. Maiwan na kita at baka nasa food court na si Nam.” Ihahakbang na lang niya ang paa nang impit na tumili ang kaibigan, sabay kabig sa ulo niya pababa na halos ikangudngod ng mukha niya sa kandungan nito.

“Bitiwan mo nga ako, nadudutdot ang ilong ko sa pantog mo!”

“Shush! Papunta dito si Sir Sainth!” bulalas nito.

Sa gilid ng kanyang mga mata ay kitang-kita niya ang papalaking pigura ni Sainth. Mukhang tao ang kuyug-hangin sa suot nitong white polo shirt na maayos ang pagkakarolyo hanggang siko, formal slacks, at black leather executive shoes.

Huminto ito sa tapat ng eye clinic at nakipagngitian sa optometrist. She frowned. “Sus, takot ka diyan? Magsuot ka lang ng palda, siguradong—”

Bago pa man niya matapos ang litanya ay nahila na siya ni Snoop papasok ng book store. Nagkubli sila sa likod ng mga naka-install na eskaparate. Nauntog pa ang noo niya sa solid shelf dahil sa pagmamadali ni Snoop.

“Ano ba’ng problema mo, Snoop? Takot na takot ka d’yan sa hunghang na lalaking mukhang—”

“Tumahimik ka! Kapag nawalan ako ng trabaho, susulsihin ko iyang bibig mo!”

Itinirik ni Letizia ang kanyang mga mata at nagkasyang panoorin si Sainth mula sa pinagkukublihan nila, sa likod ng patung-patong na mga libro. She c*cked an eyebrow. Ano ang kaaya-aya sa lalaking mukhang tinapay na pinalamanan ng expired tuna spread? She could not even understand why the number one magazine in the Philippines would want to put Sainth Strauss in Hall of Fame! Hell she cared if he was five times declared as the sexi-est man in the country. Amoy at lasang bulok pa rin ito.

So what if the expression lines on his face only intensified his male charisma? So what if despite being protected by a decent, virginal polo shirt, she could still imagine him sunbathing in the buff?

Namilog ang kanyang mga mata sa huling bagay na pumasok sa isip niya. Hinding-hindi niya pag-

aaksayahan ng oras na isiping nakahubo ang lalaki at ibinibilad ang katawan sa ilalim ng sikat ng araw. Nakakasuka!

“Tara na, Zia. Uuwi ka na,” putol ni Snoop sa inilakbay ng diwa niya.

“No! Pupuntahan ko na si Nam, tapos ang usapan.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya at inignora ang ilang ulit na pagtawag ni Snoop sa pangalan niya. Hindi niya nakasalubong si Sainth. Saang impyerno na naman kaya ito nagsuot? Mabilis niyang iwinasiwas ang tanong na iyon sa kanyang isipan. Hindi pinaglalaanan ng oras ang isang walang kuwentang nilalang na nabuhuhay sa sanlibutan.

Binilisan niya ang paglalakad hanggang sa marating niya ang food court. Hindi siya nahirapang hanapin si Nam. Para itong lampara na laging nagliliwanag sa kaputian. Kaagad siyang namataan ni Nam kaya tumayo ito at sinalubong siya ng pinakamalawak na pekeng ngiti.

“Oh, I thought you’re not coming,” anito matapos siyang hagkan sa pisngi. “That’s why I texted my boyfriend to come over. I hope you don’t mind. I’m sure you’re used to being the third wheel,” anito at dinugtungan ng nakakalokong pagtawa.

Napangiwi na lang siya. May-sa demonyita talaga ang babaeng ito. Sumulyap siya sa suot na wristwatch; quince minutos pala siyang late sa napagkasunduan nilang oras. Lumagpas ang tingin niya sa balikat ni Nam at tinanaw ang sinasabi nitong boyfriend na

nakaupo patalikod sa kanila. The mystery man had a pair of strong and steel-straight shoulders. Na tila kaysarap sandigan. And his nape, gosh, his nape could enthrall even the wicked antagonist of happily-ever-after. Abala ito sa pagbuklat ng menu kahit na alam naman siguro nitong hindi roon kakain si Nam. Hindi kasi sanay kumain sa food court ang babae.

“I’ll introduce you to my boyfriend!”

Ni-relax na ni Letizia ang kanyang katawan habang naglalakad palapit sa mesang okupado ni Nam at ng boyfriend nito. No need to fret. Wala naman na ang lalaking pinagtatagan nila ni Snoop, and even if he was around, she wouldn’t care. Hindi naman siya apektado sa presensya nito.

“Baby!” tawag ni Nam sa nobyo.

Unti-unting naglaho ang maisog na ngiti sa mga labi niya nang tumayo at lumington sa direksyon nila ang sinasabing boyfriend ni Nam. Pamilyar ang puting polo shirt na nirolyo hanggang siko, ang itim na slacks at ang black leather executive shoes. The iron-hard chest and of course the strong, steel-straight shoulders, there could only be one name. And as if on cue, nagtama ang mga mata nila ng lalaki. Pakiwari niya ay nasunog siya sa mainit na paraan ng pagtitig nito sa kanya.

“Lagot na...”



Kakaiba ang electricity na dumaloy sa katawan ni Sainth nang maghugpong ang mga mata nila ng

English teacher ni Nam Pim. Kaharap na niya ang babaeng nagsulat ng hate message sa fanpage niya na kumalat at nag-viral. He was expecting to feel so much hate, pero wala siyang maramdamang galit.

The feeling that all the angles, shapes and colors from her *FB* photo faded out and turned into an authentic physical form sent a disturbing shiver down his spine. The luscious lips and the fiery eyes... it's all real.

Letizia was already mouthwatering in her pictures, but in person... God, she's the sweetest meat—sexy and extremely attractive. Mapang-akit ang mukha at katawan nito subalit matalim kung tumitig.

“Sainth, meet my English teacher, Letizia Jarder. Zia, meet my boyfriend, Sainth Mercxi Paul Strauss. We met last night at *Rytmisk Superclub*.”

He extended his hand. Kitang-kita niya ang pagismid ni Letizia pero sa huli ay tinanggap din ang pakikipagkamay niya. Malambot ang kamay nito. Parang nakipagkamay lang siya sa mantikilya. The kind of hand that he would touch and lick forever. Ano kaya kung makipaglaro siya rito? A little teasing wouldn't hurt, nang sa ganoon ay makilala niya rin ang babaeng nagsabing isa siyang basura.

“Let's eat first, check out the shops, and we'll catch the last full show tonight. What do you think, Zia?” Sinadya pa niyang tapunan ng matiim na tingin ang dalaga.

“Sounds great!” bulalas ni Nam Pim. Si Letizia naman ay nagkibit-balikat lang, pero hindi man lang kumurap. Bakit kaya hindi man lang ito tumanggi? Marahil ay natural dito ang pagiging palaban. His kind of woman. This would be fun. Inakbayan na niya si Pim at nauna na silang maglakad. Nakasunod sa likuran nila si Letizia. He was grinning from ear to ear, lalo na’t sa tuwing naisipan niyang lingunin ang dalaga ay nahuhuli niya itong matalim na nakatitig sa likod niya. Bakit ba galit na galit ito sa kanya?

Pumasok sila sa isang eleganteng restaurant at inokupa ang puwestong pinakasulok. May kapilyuhang pumasok sa isip ni Sainth nang makita ang mahabang tablecloth. Pagkaupung-pagkaupo pa lang ay sinadya na niyang ikiskis ang binti sa binti ni Letizia sa ilalim ng mesa saka pinanood ang reaksyon sa maganda nitong mukha. Katabi niya si Pim at kaharap naman niya si Letizia kaya malaya niyang namamasdan ang nababagot na hitsura ng huli.

Letizia glared at him and, man, it was deadly. “Hayop,” anito sa mababa subalit madiing tinig.

Lalo siyang napangisi. Patuloy niya itong kinulit pagkaalis ng waiter na kumuha sa order nila. Sakto namang iniwan sila ni Nam Pim, na walang ideya sa totoong nangyayari sa pagitan nila ni Letizia, upang magtungo ng banyo. He deliberately touched her leg with his.

Huling-huli niya ang pagtiim-bagang ng babae at ang kamuntikan na nitong pagsabog, pero sa huling

segundo ay nagbago ang reaksiyon nito. Sinalubong nito ng malagkit na ngiti ang ngising puno ng kapilyuhang nakaplaster sa mukha niya, sabay angat sa paa upang idiin sa sentro ng kanyang pagkalalaki. He could feel the tip of her shoe poking his balls and soaping the length of his dick.

His jaw dropped and he stared in utter surprise at her pretty face. The reaction of his dick to her touch was terrible. His buddy stood up and became as rigid as a steel bar. Mahina siyang napamura nang gumuhit ang sakit sa kanyang puson.

Hindi niya in-expect na may kakayahang lumaban sa ganoong level ang dalaga. He thought she was just another tiny *Thumbelina* that would stammer and step back. Hindi niya napaghandaan ang klase ng tapang na mayroon ito. He didn't even see that steamy smile coming. Letizia showed off her foxy-sultry smile, na lalong nagpanganga sa kanya.

"I know you, Sainth Mercxi Paul Strauss. You're just another typical player. Tama? Naghahanap ka ng game? Don't worry because that's exactly what you will get," anito sa malamyos at kahali-halinang tinig.

Sainth couldn't move a finger. Sa kada kibot ng labi ng kausap ay lalo siyang naakit dito. When she stuck out her tongue to lick her upper lip, tila gusto niyang magwala at hilahin ito para siilin ng madiing halik.

And to his horror, hinubad pa talaga ni Letizia ang sapatos nito at sa ilalim ng pulang tablecloth ay

pinag-igi nito ang pakikipaglaro sa kanya. It felt like his c*ck would explode anytime. Literally. Sasabog at magkakapira-piraso. Damang-dama niya ang palalang pagpintig ng mga ugat niya sa bahaging iyon and if c*cks were prone to convulsions, his thing would be insanely convulsing now.

“Alam kong alam mo na ako ang babaeng nagpost ng hindi kaaya-ayang mensahe sa *FB* fanpage mo, kaya gusto mo akong paglaruan. Well, news flash, naghahanap din ako ng kalaro,” she smirked. Nangangako ng malaking sigalot ang matalim na kislap sa mga mata nito. “Bagay pala tayo,” puno ng sarkasmo nitong dagdag.

Dumating ang waiter at inilapag sa mesa nila ang mga pagkain pagkatapos ay umalis din kaagad. Sandaling napako ang mga mata ng binata sa plato ng scallops bago nagawang magsalita.

“W-who are you?” When was the last time he stammered? Ah, way back high school days when the hottest chick in school masturbated her shaved pussy in front of him while they were watching homemade porn. Pagkatapos niyon ay walang bagay na ang nakapagpautal sa kanya, ngayon na lang uli.

“Naipakilala na ako sa iyo ng girlfriend mo kanina, and I’m sure na nakita at namura mo na nang makailang beses ang mga litrato ko online,” Letizia whispered in a husky voice while still rubbing his thing.

Napapikit siya. Seriously, he could only think of

her V-organ at the moment and nothing else. Pero pinipilit niya pa ring paganahin ang utak. “I haven’t seen a single photo—”

“Nanlalaki ang butas ng ilong mo kapag nagsisinungaling ka,” patuloy nitong pang-aasar.

Napipilan siya. She was right, he could feel his nostrils flaring. *Say something, Sainth*, pipi niyang utos sa sarili. God, he couldn’t say anything. He could not even think straight. Tila siya naputulan ng dila. What happened to his tongue? Bakit hindi siya makasagot sa babaeng ito? Dumikit ba ang utak niya sa dulo ng sapatos nito?

“Would you stop stroking my f*cking dick?” was all that he could say. Pulang-pula na ang mukha niya sa pinaghalong galit at pagnanasa. Or maybe because the stroking was so good? Ramdam niya ang nagkumpulang init sa ilalim na bahagi ng katawan niya. Nanginginig ang kanyang laman.

“At kung ayaw kong tumigil?”

Sainth clutched the edge of the table, trying to control himself. Tumindig ang balahibo niya. He imagined Letizia naked in his bed and their bodies melding as one. F*ck, torture ito! Napakasarap na torture. Masuwerte ito at maraming tao sa paligid. Kung wala ay kanina pa niya ito hinatak at inangkin.

His body zinged and tensed in anticipation of a mind-blowing release, pero bago niya marating iyon ay huminto si Letizia. “Tama na iyan,” she sneered. Inilapit nito ang mukha sa kanya. “Hindi

ako nagpapatalo, Sainth, kaya huwag mo akong susubukan.” Ngiting puno ng tagumpay ang sumungaw sa mukha nito.

“Guys, the single line at each stall in the comfort room is insane!” naiinis na reklamo ni Nam Pim na pumutol sa paghuhugpong ng mga diwa nila. “Shall we start eating?”

“Of course,” kampanteng tugon ni Letizia.

Sainth clenched his teeth. The pain in the lower region of his abdomen was excruciating. Nagmura siya nang paulit-ulit. Mananagot ang babaeng ito sa kanya!

3



Hot, Undeniable Connection

Mainit ang ulo ni Letizia kahit na gusto niya ang pelikulang pinapanood sa big screen dahil katabi niya ang lalaking kinamumuhian na guwapung-guwapong pagmasdan ang nakatagilid na anggulo ng mukha at mga matang nakapako sa screen. Nakasiksik sa kanan nito si Nam at siya naman ay nasa kaliwa at kating-kati nang tumayo at iwan ang dalawa. Akala niya talaga kanina ay panalo na siya sa laro nila ni Sainth. Akala niya ay uuwi na ito. Iyon pala ay matigas din ang binata.

“Enjoying the movie?” baling sa kanya ni Sainth. Hindi niya iyon napaghandaan kaya napaigtad siya. Her eyes captured that frolic grin on his face, kahit na magkunwari pa itong hindi napantastikuhan sa naging reaksyon niya. Lalo tuloy siyang nanggigil.

“Very much.”

“Kaya pala nakasimangot ka.”

“Ano naman sa ’yo, eh, sa ganito ako mag-enjoy?” pagtataray niya.

“Mainit na naman ang ulo mo. Napaso ako.”

“Sana malapnos ka pa.”

Ngumisi si Sainth, halatang nawiwili sa kanya. “Type ko talaga ang mga babaeng suplada at palabán,” makahulugan nitong saad.

Pinukol niya ito ng nagngingitngit na titig. Kinuyom niya ang kamay para masuntok sa tagiliran ang lalaki, pero mabilis nitong nahawakan ang kamay niya kaya nagdaop ang mga balat nila. Ang pagdadaop na iyon ay lumikha ng nakakakiliting kuryente na kumalat sa buong katawan niya. She knew that Sainth felt it too by the way his eyes lit up.

“Buwisit!” pabulong niyang asik sa lalaki, sabay wasiwas sa kamay nitong nakahawak pa rin sa kanya. Nagagalit siya sa sarili. Bakit may kuryente? Iyon ang pamosong spark, hindi ba? Leche! Tumayo na siya at walang paalam na umalis. Tatawagan na lang niya si Nam pagkauwing-pagkauwi upang makapagpaliwanag.

Pagkalabas niya ng sinehan ay saka niya napuna na kanina pa pala siya hindi humihinga nang maayos. She inhaled deeply.

“Leaving so soon?”

Literal siyang napatalon nang marinig ang boses ni Sainth.

“Ano’ng ginagawa mo rito at ano ba’ng pakialam mo? Kung gusto mo, umuwi ka na rin,” pasuplada niyang tugon. Dahil sa inis sa lalaki ay hindi niya napansin na hindi nito kasama si Nam.

“Akala ko ba hindi ka nagpapatalo? Mukhang umuurong ka na ngayon.” Hinimas nito ang baba,

ngumisi nang malawak.

She bit her lip. Oh, if only she could scrape that frolic grin off his face. Ngising-aso pero bagay na bagay rito. Wala bang hindi babagay sa mukha nito? “Pakialam mo ba? Pakiusap, magbigti ka na!”

He laughed. “Bakit ba galit na galit ka? Sa ating dalawa, ako ang mas may karapatang magalit. You almost made me come in my casual slacks, remember?”

Nag-flash sa isipan niya ang eksenang hinihimas ng paa niya ang size seven and a half c*ck ng binata. He was really big and thick. Tama ngang tawaging ‘Humongous Moose’ ang sandata nito. Sa naisip ay nag-init ang kanyang batok. What if he would thrust his meat inside her undefiled flower? Kakayanin ba niya? Sisigaw ba siya? Iiyak? Sinabi nila na parang kagat lang naman ng langgam iyon. Totoo kaya?

Ipinilig niya ang ulo. “P-problema ko pa iyan ngayon? Hindi ko na kasalanan kung malibog ka! Sa himas lang ng paa, tumitirik na ang mga mata mo!”

He chuckled. “Right, sa himas pa lang ng paa mo. I wonder how it would feel if I strip you naked, and bang you from behind. I’m betting you’re tight. Virgin ka pa ba?” Mahina lang ang boses nito. Hindi naman tunog nambabastos at halatang nang-iinis lang. Malinaw iyon sa pagkislap ng mga mata nito kada tumataas ang kilay niya o kumikibot ang labi.

Kasabay ng pamumula ng kanyang mukha ay ang pag-igkas ng kanyang palad na dumapo sa pisngi ng

binata. “Bastos!”

Hindi natinag si Sainth. Nakaukit pa rin ang malawak na ngisi sa labi nito. “I’ll take that as a no.”

“Gago ka, virgin pa ako!” hiyaw niya. Huli na nang maalalang nasa pampubliko silang lugar at ngayon ay pinagtitinginan na sila ng mga tao at lantaran siyang sinusuyod ng tingin ng mga kalalakihan. “Makakapatay ako ng tao,” bulong niya, sabay talikod.

“Hey, don’t go.”

“Gusto mong batuhin kita ng sapatos? Nakakabuwisit ka! Sino ka ba sa akala mo? Ipinanganak ka lang na may gintong kutsara sa bibig. Pera lang ang dahilan kung bakit naiimpluwensyahan mo ang ibang tao, pero ang totoo ay isa kang mabahong basura! Nakakadiri at nakakasulasok ang amoy mo! Hindi ka dapat sinasamba ng mga tao na tila ba isa kang santo dahil nililinlang mo lang naman sila! Mapagpanggap!” Tuluy-tuloy ang panlalait niya kay Sainth at hindi na niya naisip na maraming tainga ang nakatutok sa kanila.

“Hoy, sino ka rin ba sa akala mo? Kung makapanlait ka sa idolo namin, akala mo naman kung sino kang magaling!” marahas na sigaw ng kung sino sa kanya.

Nagpalinga-linga si Letizia, hinanap ang may-ari ng boses. Nahindik siya nang makitang papasugod na sa direksyon niya ang grupo ng kababaihang pulos nakaitim na t-shirt na may imprintang

#*SainthWarriors* sa harap.

Mukhang natiyempong nasa parehong lugar ang mga alipores ng lalaki. Bago pa siya makaurong ay nahatak na siya ng isang dambuhalang kamay. Halos malasog ang buto niya sa higpit ng pagkakahawak nito sa braso niya.

“Siya rin yata ang nag-post ng pangit na mensahe sa fanpage ni idol! Iyong nagsabing mabaho ang idol natin!” sabat ng isa.

“Oo, ikaw nga! Halika rito at kakalibuhin ka namin!” Umakma ang babaeng hahablutin ang buhok ni Letizia kaya napapikit na siya nang mariin. Naramdaman na lang niya ang pagbaklas ng kung sino sa mala-bakal na kamay ng avid fan ni Sainth at ang marahang pagpulpot ng mainit na palad sa kanyang pupulsuhan. Pagkatapos ay natagpuan na lamang niya ang sariling hatak-hatak ng kung sino palayo.

“You can open your eyes now, Zia.”

Dahan-dahan siyang nagmulat.

“I-ikaw?” Hindi siya makapaniwalang mukha ni Sainth ang masisilayan sa kanyang pagdilal. Iginala niya ang kanyang mga mata. Napapalibutan sila ng mga rosas at ng mahalimuyak na amoy ng namumukadkad na mga bulaklak. Nasa loob sila ng flower shop!

He smiled at her. A smile that was both consoling and bruising. Sa dinami-rami naman kasi ng tao sa mundo, bakit si Sainth pa ang nag-abot ng tulong

sa kanya? Si Sainth na siyang pinakaayaw niyang tao. Hindi ito puwedeng maging knight in shining armor at kailan pa ba siya naging damsel in distress? Matapang siya, palaban, hindi pumipiyok. Nagkataon lang na isang grupo ng mga mukhang amasona ang umatake sa kanya. Ano ang laban niya roon?

Isang parte naman ng utak niya ang nagsasabing masarap din palang may tagapagtanggol paminsan-minsan. She felt a tweak in her heart. Nababaliw na siya. Tila nasasamyong pa niya ang mabangong *Grandi Totale*. She always knew that she would hate that scent anywhere, anytime. Pero bakit gustong singhutin ng baga niya ang hanging kasing-bango ng *Grandi*? Maybe it really was a scent made to seduce the soul.

Pagdantay ng magandang kamay sa balikat niya ang bahagyang pumukaw sa paglalayag ng kanyang diwa. She looked up only to meet his gaze. “Sainth...” Half of her brain was still floating in her thoughts. Hindi niya maputol ang malalim nilang pagtititigan.

“I know this feels like a dream, Zia. Don’t worry, it’s all real. Hindi ka nananaginip lang. Totoong may diyos ng mga Griyego ngayon sa harapan mo.” May masuyong panunudyong sa tinig nito.

Here we go again. Kailangan bang haluan nito parati ng pagyayabang ang lahat ng bagay? Napabuga siya ng hangin. Nakakapagod kausap ang binata. Nauubos ang enerhiya niya. Masyado nang mahaba ang araw na iyon at maraming bagay na ang nangyari.

Nakaladkad siya, nauntog, nakiskis, nahablot, kamuntikan pang makalbo at malunod sa magulong nilalaman ng kanyang isipan.

Sa naisip ay lalo siyang nanlupaypay. Kinapa niya ang bag upang siguruhin na nakakabit pa iyon sa balikat.

“I have to go,” aniya.

“Wait!”

“Puwede ba, pagod na pagod na ako. Sige na, panalo ka na. To follow na lang ang medalya mo. Nakakahiya naman sa iyo.”

Kumunot ang noo ni Sainth sa mga sinabi niya. “What are you so mad about? What did I ever do to you? May atraso ba ako sa ‘yo?”

“Wala! Ayoko lang talaga sa ‘yo.” Tumalikod na siya at sa pagkakataong iyon ay hindi na nagpahabol ng pang-iinis ang binata sa kanya.



“Hi, Sir Sainth!”

“Hi, Lana,” tipid niyang tugon sa magandang optometrist ng *E-care Clinic*. Nakasanayan na niya ang saglit na paghinto upang sandaling makipag-usap sa doktora, pero iba ang araw na iyon. Wala siyang ganang makipagbolahan. May hinahanap ang mga mata niya. “I’ll go ahead.”

Sumungaw ang pagkadismaya sa mukha ng babae. “Aalis ka na agad? Magkuwentuhan na muna tayo. Uuwi ako ng Benguet ngayong taon. Ano ang gusto mong dalhin ko pagbalik?”

“Next time na lang tayo magkuwentuhan, Lana.”

“Sige na, kahit na saglit lang.”

“I can’t.” Patuloy niyang inililibot ang mga mata sa paligid. Wala talagang indikasyon na nasa mall si Letizia. Makita man lang sana niya kahit na ang nakasimangot nitong mukha. Natigilan siya.

Ano ang nangyayari sa kanya? He couldn’t get the off-kilter kitty off his head. Magmula nang makilala niya ito nang personal ay hindi na ito naalis sa isipan niya. Pakiwari niya ay nakadikit pa rin sa palad niya ang natural at mabangong amoy ng balat nito. It’s been a month since he last saw her, and he’s going nuts.

“Sainth!” tawag ni Ryd. Papalapit ito sa direksyon niya. May malisyosong ngiti sa mga labi nito nang makitang kausap niya si Lana.

Mabilis niyang sinalubong ang kaibigan. “It’s not what you think it is.”

“Bakit defensive ka?”

“I’m not defensive. Inuunahan lang kita.”

Pinukol siya ng namamanghang tingin ni Ryd. “Are you okay? Parang may nag-iba sa ’yo.” Pabiro nitong inilapit ang mukha sa kanya. “Wait, are you blushing? Namumula ka, dude!”

“F*ck off! Where’s Sanz?” pag-iiba niya sa usapan.

“Naghahanap ng parking space for Madeline.”

“Madeline?”

“His new car. By the way, ipakilala mo naman ako.”

“Kay Madeline?”

“No! D’un sa optometrist. Ang gulo mong kausap. Ano ba’ng nangyayari sa ’yo?”

“Sorry.” Napabuntong-hininga siya saka tumanaw sa malayo. Hindi sinasadyang mahagip ng kanyang mga mata ang pigura ng isang babaeng nakatalikod. Bobcut ang buhok, maputi at maganda ang hubog ng katawan. “Zia? Zia!”

Tinalo pa niya ang naulilang aso na binalikan ng amo pagkalipas ng mahabang panahon. Gusto na niyang ihagis ang sarili para maabutan lang ang dalaga. “Zia!” pigil niya rito.

“Po?” Mukha ng kinikilig na estranghera ang lumingon sa kanya. Nagkamali siya.

“I... I’m sorry, I thought you were someone else.” Dismayadung-dismayado siya. He really wanted to see her. Lulugu-lugo siyang naglakad papunta sa pribado niyang opisina. Nakasunod lang sina Ryd at Sanz na naguguluhan sa mga inaakto niya

Sainth rested his feet on the table and stared blankly at the wall, trying not to let disappointment show on his face.

“Ano’ng problema niyan?” siko ni Sanz kay Ryd.

“Malay ko. Natural ang saltik sa utak niyan, eh.”

“Sainth, problema ba iyan sa business?” usisa ni Sanz.

“No,” payak niyang sagot.

“Problema sa babae?”

Hindi siya nakasagot. Inokupa kaagad ng imahe

ni Zia ang isip niya. “Goddammit!” Nainis siya sa sarili.

Nagkatinginan sina Ryd at Sanz at sabay pang nagsalita. “Babae nga!”

Hindi niya pinansin ang dalawa. Inilabas niya ang personal phone, at pinaraan ng mata ang hate post ni Letizia. Isang buwan na ang lumipas, pero mainit pa rin sa publiko ang viral post. Various versions of memes were created and circulated online by internet users. May mga edited pictures ng dalaga na pinagdikit ang magkabilang kilay at may speech balloon sa uluhan kung saan nakasulat ang hate post nito laban sa kanya. May nag-upload din ng maliit na litrato sa comment section na kuha noong nagtatalak si Letizia sa labas ng Cinema 1.

Sumilip sina Ryd at Sanz at nag-fist bump nang makumpirmang babae nga ang problema niya. “We were right! Tinamaan ka nga sa nag-iisang chick na nagsabing basura at latak ka!”

Napangiti na lang si Sainth habang naiiling sa sitwasyon. “Interested is the right word,” pagtatama niya.

“Interested, duh! Baka nga in love ka na, eh!”

“Mga ulol!”

Inakbayan siya ni Ryd. “You know what, you’re already turning into this lovestruck superhero. It’s a bad sign. Baka mabawasan ang puwersa nating tatlo kapag nagpatali ka. Iiyak ang kababaihan! Halika, sama ka sa ’min ni Sanz. May gagawin tayo.

Katuwaan lang.”

He snorted. “Ano na namang kalokohan iyang iniisip n’yo?”

“Basta, sasayaw lang tayo.”



“Ayoko rito, Snoop. Iuwi mo na lang ako.” Kapit na kapit si Letizia sa braso ng matalik na kaibigan at pinabibigat ang mga paa upang bumagal ang paghakbang nila papasok sa entrada ng gay bar. Ikinumpisal niya rito ang lahat ng nangyari nang nakaraang buwan noong magkrus ang mga landas nila ni Sainth mula sa hindi sinasadyang pagkikita nila sa food court hanggang sa kamuntikan nang pagkaubos ng buhok niya.

“Huwag ka nang maarte, Zia. Kailangan mo ’to. Gosh, sabay-sabay na nagva-viral ang mga posts at videos ngayon. Parang bulutong-tubig lang ’yan, eh, hawa-hawa. Iyong sa ’yo nga trending pa rin hanggang ngayon kaya huwag mo nang dagdagan pa maliban na lang kung gusto mo talagang sumikat. Pero kung ako sa ’yo, ibalato mo na ang pagsikat sa paraang ito d’un sa #bestboyfriendintheworld, o kaya kay @gorgeoushotranyxwallgreen, o kay Rhys Mondragon with the dragon dick,” banggit nito sa mga video scandal at controversial posts na nag-viral. “Huwag ka nang makiuso. Sapat na iyong viral post mo. Buti na lang talaga tinulungan ka ni Sainth, kung hindi’y baka may kumakalat na video mo ngayon na binubugbog ng *Sainth Warriors*.”

She sighed. “Ano ba’ng maitutulong sa akin ng mga hubad na lalaking nagsasayaw sa stage at naglalambitin sa pole?”

“Ito ang huling step sa proseso ng paglimot.”

Tumaas ang kilay niya. “Inuuto mo ako, eh. Gusto mo lang yatang may kasama kang manood ng mga lalaking naka-T-back! Isa pa, wala akong dapat kalimutan. Dapat sinasaulo ang mukha ng mga taong walang silbi sa mundo.”

Sumungaw ang tabinging ngiti sa mga labi ni Snoop. Ngiti ng taong nahuli sa kalokohan nito. “Ito naman, ang tigas mo. Patawarin mo na ang mga lalaking nanloko sa ’yo at mga lalaking walang hinangad na maganda. Hindi naman lahat ng lalaki ay may sungay. Iwasiwas mo na ang galit at takot sa puso mo, friend. Let go, forget and be wet!”

“Anong wet?”

Naitakip nito ang ng palad sa bibig. “Ay, sorry. Hindi kasali iyong wet, para sa ’kin pala iyon.”

“Luka-luka! Sige na nga. Kung s’an ka masaya, susuportahan kita.”

“Ayan! Hindi ka magsisisi. Mag-e-enjoy ka. Maiisip mo ring mas marami pang bagay ang dapat mong ikatuwa kaysa mga bagay na kinimkim mo nang matagal.”

“Oo na! Tara na nga. Dami pang satsat, eh. Panoorin na natin ang mga T-back na iyan! Basta akin ang pula!”

4



The Red T-Back

"I am not going to wear that." There was a note of finality in his voice as he stood aghast, with a fixed stare on a red T-back. May kapares pa iyong necktie. Katuwaan lang daw para sa birthday ng kapatid na binabae ni Ryd na si Roche. Flawless ang puwit niya pero wala siyang plano na ihain iyon sa publiko. No dice!

Sapu-sapo na ni Sanz ang tiyan sa kakatawa. He was wearing a mustard yellow T-back at okay lang iyon dito. "KJ naman. Come on! Wear it already! Nasa stage na si Ryd, o, and besides, we will all be wearing masks plus they wouldn't recognize you by how you twerk your butt, dude."

Tinapunan ni Sainth ng mabilis na tingin ang *JabaWocKeeZ* inspired half-mask sa lamesa. Fine, maybe his identity was safe after all, but, could he really twerk his firm behind on stage?

"Hoy! Ano na? Let's go! Masaya 'to, Sainth. Stripping is fun! Isa pa, wala ka namang distinguishing mark sa katawan. Si Ryd nga na may malaking birthmark sa puwit ay game na game at sumali pa

n'un sa oblation run.”

“Mabuti na nga lang talaga at wala. You think I'd set foot backstage kung meron?”

“Really, what serious harm will you get out of this? Wala! Necktie lang naman ang huhubarin, ititira ang T-back. Tara na!”

“Mauna ka na kung gusto mo.”

“Oh, shoots! Muntik ko nang makalimutan. May dapat ka palang malaman.” Sumeryoso ang mukha ng kaibigan niya. “We finally figured out why your hater looked utterly familiar. Pinaimbestigahan namin siya ni Ryd. Si Ryd nga talaga itong nanguna sa pagkonsulta sa taong hahawak sa pinagagawa namin. Remember Angelito Jarder?”

Nag-igting ang mga bagang ni Sainth nang marinig ang pangalang binanggit. “How can I ever forget the name of the man who destroyed and killed my sister?” Angelito Jarder was the former Managing Director of *Goodhand Lending Corporation*. Ang alam niya ay kabi-kabila ang babae ni Angelito at napabalitang may nag-iisa itong anak na itinatago nito sa publiko. Probably, because the man wanted to protect his only daughter.

Nasa late fifties na ito nang makilala ang kapatid niyang si Scarlett na noon ay eighteen years old lang. Nagkakilala ang dalawa sa isang social event. Hindi niya alam kung ano ang nakita ni Scarlett sa lalaki at basta na lang ito nakipagrelasyon sa kabila ng malaking agwat ng edad nila.

Akala niya ay naglalaro lang ang kapatid niya. Naniniwala siyang matalino ang babae at hindi ito papatol sa isang tulad ng lalaking iyon, until Scarlett and Angelito were caught on camera having sex. It happened in a motel. Malinaw pa ang kuha at bukas lahat ng ilaw. Nag-leak iyon at kumalat online. His sister was badly bullied and hurt. Halos hindi na ito lumabas ng kuwarto. She even tried to end her life.

Saksi siya sa pinagdaanang hirap ni Scarlett at ang pinakamasakit doon ay mahal na mahal nito si Angelito. Walang araw na hindi ito humiling na makita ang lalaki. Si Angelito naman ay bigla na lang naglaho. He abandoned Scarlett and saved his a*s.

His sister suffered from depression until one day she was diagnosed with breast cancer. Tumanggi na itong magpagamot sa kabila ng panghihimok nila. She didn't want to live anymore. Huli nilang nakita si Angelito sa araw ng libing ni Scarlett. Nakatayo ito sa malayo. May suot na itim na salamin sa mata at itim na damit. Nang akmang susugurin niya ito ay mabilis itong lumulan sa kotse at humarurot palayo.

Sainth would never forgive him. Angelito killed his sister. Kung hindi ito dumating sa buhay ng kapatid niya, siguro ay buhay pa si Scarlett ngayon. His sister was his only family in the Philippines. When she died, he was left alone. Tatlong taon na ang lumipas, pero sariwa pa rin ang lahat sa kanya. Kaya nangako siya sa sariling pagbabayaran niya si Angelito. Kaso magaling magtago ang matanda.

Napailing si Sanz at dumaan ang pag-aalinlangan sa mukha nito. “Hindi mo na siguro dapat malaman pa.”

“Come on! Nasimulan mo na, spill it!”

“I don’t wanna ruin this night,” he sighed. “Natatandaan mo pa ang bali-balitang may anak na babae si Angelito Jarder?”

“Yes.”

“Si... si Letizia ang... siya ang nag-iisang anak ng matanda.”

Nagdilim ang mukha niya. Since Scarlett died, wala na siyang inisip kundi ang makaganti kay Angelito na hindi na mahagilap buhat nang mailibing ang kapatid niya.

“Finally, I can make the monster pay for what he did to my sister. Ang anak niya ang magiging kabayaran.” Kung si Letizia ay anak ni Angelito, ibig sabihin ang ama nito ang may atraso sa pamilya niya, ngunit bakit parang ito pa ang namumuhi sa kanya?

Dumerecho na sa kumikinang na entablado si Sanz. Mukhang nababahala pa rin ito kahit na noong unti-unting nitong hinuhubad ang necktie na katerno ng suot nitong T-back.

Nasapo ni Sainth ang kanyang sentido. Ang bigat ng natuklasan niya at gustung-gusto na niyang umalis, pero ayaw naman niyang sirain ang party ni Roche. “I can’t do this.” He scooped up the garment and brought it a foot away from his face. Paano niya susuotin iyon? Ipinikit niya nang mariin ang mga

mata. He uttered a single cuss as he unzipped his pants. Ang sagwang tignan. Kapirasong tela lang sa harapan na mas maliit pa sa panyolito.

Humarap siya sa malaking salamin at pinagmasdan ang repleksyon. Nasilip pa niya ang bahid ng galit sa kanyang mukha. “I should go.”

“Pssst!”

Pumihit siya. Nakatingin sa kanya si Ryd mula sa stage. Sinenyasan siya nitong umakyat na roon.

Malutong siyang napamura. Ngisi ang itinugon ng kaibigan na wala pa sigurong ideya na nasabi na sa kanya ni Sanz ang tungkol kay Letizia. Pinuno niya ng hangin ang kanyang baga. Itatawid niya ang gabing iyon kahit doon man lang ay matumbasan niya ang pagpapaimbestiga nina Sanz at Ryd sa dalaga na kung tutuusin ay hindi na responsibilidad ng dalawa. They helped him rebuild the bridge to his lethal revenge.

Nagpalakpakan ang mga tao nang sumampa siya sa stage. The air was even filled with horrendous whistling. Tiningnan niya ang mga kasama. Abala sa pagiling ang lahat. The ten of them onstage looked significantly the same. Parang nananalamin lang siya. They all had buffed up muscles, scrumptious washboard abs, and a generic mask to cover half of the face, mula noo hanggang sa kalahati ng ilong.

He started moving his hips. “You can do this, Sainth. One hour. Just an hour of unwanted exposure,” aniya sa sarili. At first, the slow grinding

motion of his lower body wasn't syncing to the groovy songs. Pero kalaunan ay natuto nang kusa ang mga balakang niya. From shy and calculating, his moves became more aggressive until his lower body was already moving in a swift push and pull, pumping and thrusting like showing the world how intense he would be in bed.

Lumakas ang hiyawan. Nakatutok ang mga mata ng lahat sa sexy V-line na kitang-kita dahil sa mababang waistband ng T-back, and on the elongated hump between his strong thighs. The devil taught him how to dance. He could pull this off.

Habang gumigiling ay iginalala ni Sainth ang kanyang mga mata sa paligid hanggang sa namataan niya ang mukhang laman ng kanyang isipan. Sa kabila ng nalaman niya ay aminado siyang attracted talaga siya sa dalaga. He blinked. Once. Twice. Thrice. She's still there, staring at him with hungry eyes. Hindi naglaho ang babae. Totoo ito. Tingnan nga naman, umaayon sa kanya ang sitwasyon. Jackpot!



Sunud-sunod ang ginawang paglunok ni Letizia. Nakapako ang mga mata niya sa lalaking nagsasayaw na nakasuot ng pulang T-back. Nakaupo sila sa unahan kaya klarung-klaro sa mga mata niya ang bawat galaw at pitik ng katawan ng lalaking minamasdan.

“Akin na lang ang nakapula, please,” pakiusap sa kanya ni Snoop. Natipuhan din nito si Mr. X in red T.

Hindi naman siya seryoso nang sabihin niyang kanya ang nakapula, pero nagkataon lang na sa sampung kalalaking nagsasayaw sa entablado ay na-attract siya nang husto sa hombre na nakapulang T-back.

“No way, nauna ako kaya akin siya. D’un ka na lang sa naka-mustard yellow o sa naka-apple green T-back,” turo niya sa may malaking birthmark sa puwit.

Walang nagawa ang kaibigan niya dahil kapag pumalag ito ay tiyak na lalayas siya. “Oo na! Sa iyung-sa iyo na!”

Napangisi ang dalaga at muling itinuon ang mga mata kay Mr. X. Napaigtad pa siya nang makitang nakatingin din ito sa kanya. Ang lakas ng kabog ng kanyang dibdib.

Mr. X swayed his hips in an achingly sensual, fire-filled circular motion to the erotic sound of the song, *Careless Whisper*, and it was driving her crazy. He held her gaze, stirring up something in her sacred core. She swallowed a huge lump in her throat, and with bulging eyes, she witnessed how his thing grew bigger beneath the lame, red T-back.

“Oh my gosh, he’s super big, Zi!” eskandalosong tili ni Snoop, nanlalaki ang mga mata.

Hindi siya nagkomento. Nakulong sa lalamunan ang tinig niya.

I’m never gonna dance again. Guilty feet have got no rhythm... The song continued to play. It was

becoming hotter by the minute. Her thoughts had become a kaleidoscope of steamy and erotogenic images of sex, imagining herself bent over the bed as he carefully thrust his index and middle fingers into her wet, moist and hot opening while gently squeezing her cl*t at the same time.

Dumaklot siya ng mani at wala sa loob na isinuboyon. Sunud-sunod ang pagsubo niya. *So I'm never gonna dance again the way I danced with you, oh, oh.* She imagined herself opening to him. Spreading her legs wide. Wider. So he could fully penetrate her. Own her. Love her.

“Zia!” malakas na yugyog sa kanya ni Snoop.

“H-ha?”

“Ang lakas ng air-con pero pinagpapawisan ka d’yan. Masama ba ang pakiramdam mo?”

Pinakiramdaman niya ang sarili. Masama nga ba ang pakiramdam niya? No, but... shit! She squeezed her legs together. She was f*cking wet! Tila pinahiran ng malagkit na sinabawang gulay ang pagitan ng mga hita niya.

“Namumula ka rin.” Sinalat ni Snoop ang kanyang noo at leeg. She wanted to move away, pero dumikit na ang kamay nito sa balat niya. “Mainit ka, bruha! Bakit hindi mo sinabi sa akin na nilalagnat ka pala?”

Mainit nga siguro siya pero hindi dahil sa may sakit siya kundi dahil sa lalaking nagsasayaw sa stage na kaulayaw niya sa kanyang imahinasyon. She was

not entirely innocent, pero intact pa naman ang hymen niya. Nanonood din siya ng mga scripted porn and she's even fond of reading sex-related blogs.

Pero ni minsan ay hindi siya nag-apoy nang ganito at hindi niya rin pinagnanasaan ang mga naka-expose na sandata ng kalalakihan.

“O-okay lang ako. Wala akong sakit.” Ipinokus niya ang atensyon sa hawak na bote ng beer. Nanunuyo ang lalamunan niya. Ayaw siyang patahimikin ng katotohanang malakas ang epekto sa kanya ng estranghero. Isang bagay na hindi pa nangyayari sa kanya noon. She lifted her head a little just enough to cast a sidelong glance at Mr. X's direction. Nakatitig pa rin ito sa kanya. Gumigiling pa rin. Inaakit siya. Nagbaba siya ng tingin at tinungga ang beer.

Hindi na niya namalayang napaparami na ang inom niya ng alak. “CR lang ako, Snoop,” sapo ang sentido niyang paalam sa kaibigan.

“Samahan na kita.”

“Hindi na. Kaya ko pa ang sarili ko.” Tumayo siya at tinahak ang daang hindi balanse sa mga mata niyang tinatalo na ng kalasingan. Saglit siyang huminto sa pasilyo malapit sa banyo upang isandal ang likod sa pader. Ipinikit niya ang mga mata. Lecheng alak iyon! Bakit ba hindi niya nakontrol ang kinunsumo niyang beer? Bahagyang dumulas ang likod niya pababa.

“Careful!” salo sa kanya ng malalaking kamay na

humawak sa magkabila niyang balikat. It kept her in place but it electrified her nerve fibers at the same time. Bigla siyang napadilat. She was greeted by an off-white half mask, revealing a patrician nose and a mouth that promised a nerve-wracking kiss and so much more.

Lalo siyang naliyo. The man had a scent that's powerfully intoxicating and tempting. It could be the scent of a god. Ang mabangong amoy na nanggagaling sa katawan at hininga ng estranghero ay inaalís ang kakayahan niyang mag-isip nang tama at analisahin ang sitwasyon. Isinandal niya ang buong bigat sa katawan ng lalaki at tiningala ang mukha nito.

“Ikaw iyon. Ikaw iyong lalaking nakapulung T-back,” nagawa niyang sabihin sa kabila ng bahagyang pagsu-sluur ng boses niya.

Natawa ito at may nahimigan siyang talim sa paraan ng pagtawa nito, pero hindi na iyon maanalisa ng utak niya. “Ako nga. I hope the costume did not freak you out,” yuko nito sa kanya. May suot na itong pantalon at puting t-shirt. Ang maskara na lang sa mukha ang hindi pa nito tinatangal.

“No, hindi naman,” she murmured, leaning closer. Pihadong nalanghap nito ang alkohol sa hininga niya. “You sound eerily familiar. Nagkakilala na ba tayo noon?” Inipit niya sa pagitan ng dalawang daliri ang isang dulo ng maskara para masilip ang mukha ng estranghero, ngunit mabilis nitong

nahawakan ang pupulsuhan niya.

“You’re drunk. Ihahatid na kita sa table n’yo,” anito.

“No, no. Mas gusto ko rito sa tabi mo.” Ipinulupot niya ang mga braso sa leeg ng kausap. Kumakabog ang dibdib niya habang magkahinang ang mga mata nila. Natuon ang atensyon niya sa mapupulang labi nito. Hindi niya napanlabanan ang urge na dampihan ng daliri ang labi nito. “Puwede bang humingi ng isang halik?”

Umawang ang bibig ng lalaki, maliwanag ang pagkabigla sa mukha nito na nagtagal nang kung ilang segundo bago ito tuluyang nakabawi. “Nangangagat ako, magsisisi ka,” babala nito, seryoso ang tinig pero ramdam niya ang panunukso sa likod niyon at ang lalong pagtiim ng mga mata nitong nakasilip sa maskara.

Nakagat niya ang labi. “I don’t care, gawin mo. Nangangagat ka, maninipsip naman ako.”

“Oh God, lasing ka na, Zia.”

“Lasing? Me? No! Oh, wait, did you just call me by my first name? Kilala mo ako?” nakaarko ang kilay niyang tanong. Kilala nga ba siya nito, or maybe... maybe he saw her edited pictures online, the funny memes and her evil post. Ang post na nag-trending at nagpasikat sa kanya nang husto. Maryosep, ultimo senior citizen na nagre-repair ng sapatos sa kanto nila ay suyang-suya sa kanya.

“I...”

“Never mind. Sigurado akong nakita mo na rin iyong post ko sa *Facebook* fanpage ni Sainth. Nasa sa 'yo na kung huhusgahan mo ako, basta hindi ako apektado at hindi ko pinagsisisihang ginawa ko iyon. Deserve ng kutong-lupa iyon.”

“I can sense so much hate. Bakit galit na galit ka sa ak... kay Sainth? Pinaglaruan ka ba niya? Pinaasa? Pinaiyak? Isa ka ba sa mga naging girlfriends niya?”

“Hah! Nagpapatawa ka. Hinding-hindi ako papatol sa lalaking iyon.” Puno ng pagkasuya ang klase ng pagtawa niya. “Wala naman siyang ginawa sa akin pero sa angkan ni Eba, marami. Akala ng ugok ay regalo siya ng Diyos sa mga kababaihan. Kung magpalit siya ng girlfriend, grabe! Parang hindi niya alam na may damdamin din ang mga babae. Kagaya rin siya ng mga lalaking dumaan sa buhay ko. Pare-pareho sila.”

Hindi nakapagsalita ang lalaki.

“Wag na nga natin siyang pag-usapan kung maaari. Bakit ba mukhang mas interesado ka pa kay Sainth kaysa sa lips ko?”

Umiling ito. “No, it's not like that. It's just that I don't want your first kiss to be—”

“Ah, shut up! Hindi ikaw ang first kiss ko. Ikaw lang ang pinakaunang lalaking pinagnasaan ko nang husto.” Her fingers played with his brows, the tip of his nose, and the corner of his pursed lips. “Kanina pa ako nanggigigil sa abs mo. Naaamoy din kita. Diyos ko Lord, ang bango mo! Kayang-kaya kitang

singhutin buong araw sa loob ng isang taon. Gusto rin kitang hawakan nang paulit-ulit sa—”

“Whoa!” Pinigilan nito ang kamay niyang dumerecho pababa.

She giggled. “Gusto kitang hawakan nang paulit-ulit sa binti. Ang strong ng leg muscles mo, eh. Ikaw naman. Ano ba sa tingin mo ang hahawakan ko?”

“Very naughty.”

Hindi niya napigilang matawa. “May sasakyan ka ba?”

“Yes. Why?”

“S’an naka-park?”

“And why do you ask, my dear?”

“Basta. Masama na ba’ng magtanong ngayon? Don’t worry, I am not capable of abduction.” Gusto lang naman lumabas ni Letizia. Maingay at mausok ang bar. And, well, she wanted to kiss and touch him so badly. May gayuma yata ang gamit nitong pabango. Ngayon lang siya naging ganito ka-aggressive sa tanang-buhay niya.

“And of sexual assault?” tanong nito, nakaalsa ang isang sulok ng labi.

Ngumisi siya. “Depende na kung idi-display mo ulit ang washboard abs mo suot ang pulang T-back at kurbata.”

Napailing uli si Mr. X. “Do you usually go out with, you know... strippers?”

“Mga lalaking naghuhubad? Hell, no! First time ‘to.”

“For someone whose neurons are most probably fully soaked in alcohol by now, you’re pretty cool, but I’m still not letting you hop in my car. You’re drunk. Baka naman pilya ka lang kapag lasing.”

Inis niyang pinaningkitan ng mga mata ang lalaki. Nakakasuya! Kanina pa niya ito inaakit, pero ang dami nitong satsat at dahilan. “Nakakainis ka na. Kanina pa kita nilalandi pero ayaw mo pa ring pumatol. Gustung-gusto mo naman. Akala mo ba hindi ko nararamdaman ang solid pistol mo na nakatutok sa puson ko?” She rolled her eyes heavenwards. “Ipokrito nito. Siguro bading ka, ’no?”

“I’m straight. Ikaw na nga’ng nagsabing may nakatutok sa ’yo ngayong solid pistol.”

“Kung hindi ka bading, halikan mo ako!”

“I can’t do that.” Kulang sa igting ang pagsalungat nito sa kanya. Tila ba pinapasakay lang siya nito o paraan nito iyon upang mas matakam siya rito? Kung tinatakam lang siya nito, puwes, effective pero hindi na siya natutuwa.

“Bading ka nga!” Nagagalit si Letizia. Nainsulto. Ngayon lang siya sinapihan ng kamandag ni Medusa pagkatapos ay tatanggihan pa siya ng lalaki. Did she spend all her youthful years hating Sainth, at ngayon ay nalagas na lahat ng pang-akit niya sa katawan? Hindi maaari! “Bading ka, aminin mo na lang! Oh!” She dramatically clapped a hand over her mouth as if she remembered something extremely important. “Nasa gay bar nga pala ako. Sorry, nakalimutan ko.

Hindi magsasayaw nang naka-T-back lang ang isang tuwid na lalaki.” Pagkasabi niyon ay tumalikod na siya. Pamartsa na siya nang hawakan ng lalaki ang braso niya. Mahigpit. Nagngingitngit.

“I am not gay.”

“Talaga? Patunayan mo,” hamon niya rito.

Slowly, a sexy, evil grin curled his lips. “Madali akong kausap. Halika, itatali kita sa kama ko. Walang uwian hanggang bukas. Mag-warm up ka na at sisiguruhin kong mananakit ang balakang mo sa akin.”